

Ang Underused Housing Tax (UHT):

Sino ang apektado?

Ipinapatupad itong taunang pederal na 1% buwis sa mga may-ari ng bakante o hindi ginagamit na pabahay sa Canada. Kung isa kang apektadong may-ari, kailangan mong maghain ng UHT return para sa bawat residential na ari-arian na iyong pagmamay-ari.

Kailan itinuturing na may-ari?

May dalawang uri ng may-ari para sa mga layunin ng Underused Housing Tax:

Apektadong may-ari

Hindi kasamang may-ari

Ang apektadong may-ari ay kailangang maghain ng UHT return at bayaran ang buwis maliban kung sakop siya ng exemption.

Ang mga hindi kasamang may-ari ay walang obligasyon sa ilalim ng Underused Housing Tax Act.

Kailan nagiging apektadong may-ari?

Kabilang sa mga apektadong may-ari ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga banyaga
- Mga korporasyon na hindi binuo o ipinagpatuloy sa Canada
- Ilang mga mamamayan ng Canada o permanenteng residente
- Ilang mga Canadian na korporasyon

Ano ang residential na ari-arian?

Isang kahiwalay na bahay o katulad na gusaling naglalaman ng maximum na 3 unit na tirahan, kabilang ang kaugnay na lupa

Isang semi-detached na bahay, rowhouse unit, o residential condominium unit, kabilang ang kaugnay na lupa

Upang tulungan kang tukuyin kung isa kang apektadong may-ari, bumisita sa:

canada.ca/cra-uht

